## SO WHAT

- Basahin ang 1 Pedro 4:10. Naniniwala ka ba na sinanay ka ng Diyos upang makapaglingkod sa iba? Gaano katotoo ito? Bakit mas magagamit natin ang mga espirituwal na kaloob kaysa sa mataas na katayuan o posisyon sa paglingkod sa kapwa?
- Ayon sa 2 Samuel 15:1-4, ano ang iniutos ni Absalom ayon sa sinabi niya na kailangan hilingin upang siya ay maglingkod sa mga tao? Ano ang masasabi mo sa sitwasyon na ito?
- Basahin ang Galacia 5:13. Ano ang sinabi ni Pablo na kailangan nating gawin sa halip sundin ang pita ng laman?

## NOW WHAT

- Ano sa paniniwala mo ang iyong mga kalakasan na maaari mong gamitin upang maglingkod sa iba? Gayun din, tanungin mo ang iyong mga kaibigan ayon sa katiyakan ng mga ito. Papaano mo gagamitin ang mga ito sa iyong paglilingkod?
- Maglaan ng panahon upang pasalamatan ang mga nagkukusang maglingkod sa inyong simbahan sa linggong ito. Ano ang maaari mong gawin upang sila ay sumigla na magpatuloy na maglingkod sa Diyos?
- Tingnan ang pagkakataon na makapaglingkod ka sa linggong ito, maging ito man ay sa simbahan, sa opisina, o sa eskwelahan.

# PRAYER

- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng biyaya na paniwalaan na ang mataas na katayuan o posiyon ay hindi kinakailangan upang makapaglingkod sa iba.
- Manalangin na tayo ay ganahang maglingkod sa iba maging sino man tayo.
- Ipanalangin na tulungan tayo ng Panginoon na makita natin ang iba't-ibang pagkakataon na makapaglingkod.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 1 FILIPINO

# Paglilingkod

UNPOPULAR
Leadership is Not a Popularity Contest

## NOTES

# CONNECT

- Anong nais mo na pagkakakilanlan mo? Bakit?
- Ano na sa palagay mo ang pinakamalaki mong sakripisyo? Maaari mo bang dagling ipaliwanag?
- Ano ang isang bagay sa listahan mo na nais mong gawin agad hangga't maaari? Bakit?

**WORD**

*[5]Dapat maging katulad ng kay Kristo Jesus ang pananaw n'yo: [6]Kahit na nasa kanya ang katangian ng Diyos, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang isang bagay na dapat panghawakan. [7]Sa halip, ibinaba niya nang lubusan ang sarili niya sa pamamagitan ng pag-aanyong alipin. Naging tao siyang katulad natin.* FILIPOS 2:5-7

**WHAT**

Si Jesus ay nagsilbing halimbawa para sa atin upang patunayan na walang malaking hadlang na makapipigil sa atin na makapaglingkod. Maaaring may madalas na kadahilanan na hindi tayo makapaglingkod sa iba. Subalit sa tulong ng Diyos, ating maipapamuhay ang ating hangarin na makapaglingkod. Ano ang nararapat nating ugali sa paglilingkod?

### 1 Naising maglingkod sa kabila ng mataas na katayuan o posisyon.

*[5]Dapat maging katulad ng kay Kristo Jesus ang pananaw n'yo: [6]Kahit na nasa kanya ang katangian ng Diyos, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang isang bagay na dapat panghawakan.* FILIPOS 2:5,6

Ang kahalagahan ng mataas na katayuan o posisyon ay nakasalalay lamang sa pananaw ng bawat isa. Gayunman, dahil likas sa mga makasalanan na ang ating kahalagahan ay ayon sa katayuan na ating tinataglay o posisyon na ating pinagpapahalagahan lamang. Madalas ang ganitong pag-uugali ay nauuwi sa pagtanggi na maglingkod sa iba. Si Jesus ang naging modelo para sa atin kung papaano maglingkod na kahit pa ano ang taas ng iyong katayuan sa buhay. Papaano mo susundin ang Kanyang halimbawa?

### 2 Maging handang maglingkod kahit walang mataas na katayuan o posisyon.

*Kaya umupo si Jesus at tinawag ang 12 apostol, at sinabi sa kanila, "Ang sinuman sa inyo na gusto maging pinakadakila sa lahat ay dapat magpakababa at maging lingcod ng lahat."* MARCOS 9:35

Habang ang mataas na katayuan o posisyon ay nagsisilbing limitasyon upang makapaglingkod dahil na rin sa yabang, yung iba naman ay kabaligtaran ang nagiging tugon. Maraming ayaw maglingkod dahil sa kawalan ng posisyon o magandang katayuan habang ang iba naman ay nag-aantay muna na magkaroon ng magandang katayuan bago maglingkod. Subali't, muli nating alalahanin na maaari na tayong maglingkod na kahit wala pa tayong posisyon o mataas na katayuan. Bakit di nakasalalay sa ating posisyon o katayuan ang ating kakayahang maglingkod?

### 3 Gawin na lang.

*Huwag lang ang sarili ninyong kapakanan ang isipin n'yo kundi ang kapakanan din ng iba.* FILIPOS 2:4

Ang pinakamainam na pagsasagawa ng ating hangarin ay ang pagkilos. Dahil na rin na kung ano ang talagang laman ng ating puso ay makikita ito sa ating mga gawa. Ang Panginoong Jesus sa totoo lang ay naparito upang maglingkod at iyan na rin ang sinabi Niya sa Kanyang Salita. Sa paanong praktikal na kaparaanan na maaari tayong makakasunod kay Jesus sa Kanyang mga sinasabi? Saan tayo maaaring magsimulang makapaglingkod?